# MODALITY MODE NG PAGKATUTO SA FLEXIBLE LEARNING SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILDIS AT ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA

**MENCHIE B. ELLAMI**
**DR. IMELDA G. CARADA**
menchie.ellamil@lspu.edu.ph.
0000-0001-8724-0901
Laguna State Polytechnic University, Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus, Laguna

**ABSTRAK**

Ang panahon ng Covid-19 pandemic ang nagpabago ng kalagayan sa buong mundo lalong lalo na sa sistema ng edukasyon. Ang tradisyunal na harapan o face-to-face na pagtuturo ay hindi pinapayagan kung kaya kinakailangang gumawa ng paraan, mag-isip ng mga inobatibong modality ng pagkatuto para maipagpatuloy ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa tersyarya na naiiba ang sitwasyon. Ang paghahatid ng edukasyon sa flexible learning sa kolehiyo ay isang pagsubok na hinarap ng mga guro at mag-aaral, kung kaya, hinangad ng pag-aaral na ito na mabatid ang pananaw ng mga mag-aaral sa modality mode ng pagkatuto sa flexible learning sa pagtuturo ng asignaturang Fildis batay sa synchronous online, asynchronous online at E-learning offline. Nilayon din na matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa Pang-unawang Literal, Pang-unawang Inferensyal, at Pang-unawang Kritikal. Gayundin, inalam kung may makabuluhang kaugnayan ba ang mga modality mode ng pagkatuto sa flexible learning sa pagtuturo ng asignaturang Fildis sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskriptibo o palarawang pamamaraan at ang mga naging tagasagot ay may kabuuang bilang na 118 mula sa unang antas ng Kriminolohiya ng College of Criminal Justice Education ng Laguna State Polytechnic University, San Pablo City Campus na ginamitan ng purposive sampling. Kinuha ng mananaliksik ang average mean at standard deviation, frequency at percentage, at Pearson r product moment correlation coefficient para sa pananaliksik na ito. Lumabas sa pag-aaral na ang mga tagasagot ay sumasang-ayon sa tatlong modality mode ng pagkatuto sa flexible learning. Nakita rin na marami ang mga mag-aaral ang nakakuha ng pinakamahusay na antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa pang-unawang literal, pang-unawang inferensyal at pang-unawang kritikal. Gayundin, lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang synchronous modality sa Kritikal na pag-unawa sa pagbasa at ang e-learning offline modality sa literal at kritikal na antas ng pag-unawa sa pagbasa. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, lumalabas na may makabuluhang kaugnayan ang modality mode ng pagkatuto sa flexible learning sa pagtuturo ng asignaturang Filidis sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

*Mga Susing Salita: Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa, Asignaturang Fildis, Deskriptibo, Edukasyon, Flexible Learning, Modality Mode ng Pagkatuto, Pagtuturo, Philippines*